MGA NILALAMAN

Bakit Tayo Mag-aayuno? 2

Praktikal na Gabay sa Pagdarasal at Pag-aayuno 4

Mga Panalanging Nasagot Noong 2015 6

Day 0: Paghahanda sa Pag-aayuno 8

Day 1: Pananampalataya Para sa Paglaya 10

Day 2: Pananampalataya na Makapaghayag 12

Day 3: Pananampalataya na Mapagtagumpayan 14

Day 4: Pananampalataya na Makapag-angkin 16

Day 5: Pananampalataya na Makapaglingkod 18

Mga *Faith Goals* Ngayong 2016 20

Mga *Faith Goals* ng Kasama sa Pananalangin 22

Naitakda 24

BAKIT TAYO MAG-AAYUNO?

Tinatawagan natin ang lahat ng mga miyembro ng ating simbahan upang sumali sa panahon ng pananalangin at pag-aayuno. Sa ating pagsisimula ng bagong taon, tayo ay naglalaan ng oras para manalangin at mag-ayuno upang:

- ilaan ang ating mga sarili, pamilya, at ministeryo sa Diyos
- pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan, awa, at pagpapala
- paniwalaan ang Diyos sa katagumpayan at mga pambihirang pagsulong sa lahat ng bahagi ng ating buhay itong taon

Sama-sama tayong mangahas na maniwala sa Diyos para sa mga mahahalagang bagay!

> *Sabihin ninyo sa mga tagapamahala ng Juda at sa lahat ng kanyang mamamayan na pumunta silang lahat sa templo ng Panginoon na inyong Diyos at mag-ayuno. Humingi sila ng tulong sa Panginoon.*
>
> JOEL 1:14

Nag-aayuno tayo dahil:

- Si Jesus ay nag-ayuno.
- Ang pag-aayuno ay pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili.
- Ang pag-aayuno ay makatutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.
- Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong buhay.
- Ang pag-aayuno ay mabuti sa kalusugan.

> *6"Ang ayunong makapagpapalugod sa akin ay ang ayunong may kasamang matuwid na pag-uugali. Tigilan ninyo ang paggawa ng kasamaan, pairalin na ninyo ang katarungan, palayain ninyo ang mga inaalipin, at ang inaapi ay inyong tulungan. 7Bigyan ninyo ng pagkain ang mga nagugutom, patirahin ninyo sa inyong tahanan ang mga walang tahanan, bigyan ninyo ng damit ang mga walang damit, at tulungan ninyo ang inyong mga kaanak."*
>
> ISAIAS 58:6,7

ANG PAG-AAYUNO AY ESPIRITWAL NA PAGHAHANDA

> *[1]Umalis si Jesus sa Jordan na puspos ng Banal na Espiritu. At dinala siya ng Espiritu sa ilang. [2]Doon ay tinukso siya ng diyablo sa loob ng 40 araw. Hindi siya kumain sa buong panahong iyon, kaya gutom na gutom siya.*
>
> LUCAS 4:1,2

Nang si Jesus ay magsisimula na sa Kanyang ministeryo, Siya ay dinala ng Banal na Espiritu sa disyerto upang dumaan sa mga pagsubok. Siya ay dinala doon ng Espiritu upang mag-ayuno bilang paghahanda sa Kanyang bagong mga gagawin. Sa panahong iyon, Siya ay tinukso ng diyablo, at napagtagumpayan Niya ang lahat ng mga ito (Lucas 4:3-13). Sa katunayan, Siya ay lumabas sa disyerto na taglay ang kapangyarihan ng Espiritu at handang simulan ang Kanyang ministeryo.

> *[14]Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. [15]Nagturo siya sa mga sambahan ng mga Judio, at pinuri siya ng lahat.*
>
> LUCAS 4:14,15

Sa tuwing may gagawing bago ang Diyos sa ating mga buhay, tayo ay inihahanda Niya para rito. Dinadala Niya tayo sa lugar na gaya ng disyerto at pinahihintulutang dumaan sa mga pagsubok. Ating makikita na ang Diyos ay nagbibigay muna ng mga pagsubok bago Siya mamuhunan. Ang isang pagsubok ay naglalayong ihanda tayo para sa mga mas dakilang bagay.

Ang pag-aayuno—na magagawa lamang natin dahil sa kakayahan at kalakasan ng Diyos—ay inihahanda ang ating mga espiritu upang makatanggap mula sa Banal na Espiritu. Ito ay panahon upang pahintulutan ang Diyos na gawin ang nararapat sa ating mga puso at kaluluwa.

Sa panahong ito ng pananalangin at pag-aayuno, hayaan mo ang Diyos na pamunuan, subukin, palakasin, at ihanda ka. Ihayag ang iyong katapatan, at pagtitiwala sa Kanya ngayon. Hingin sa Kanya ang mga sunud-sunod na pambihirang pagsulong, himala, at paglaya para sa iyo, sa iyong pamilya, simbahan, at bansa. Mangahas na maniwala sa Kanya.

PRAKTIKAL NA GABAY SA PANANALANGIN AT PAG-AAYUNO

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO

- **Manalangin.** Manampalataya habang ipinapanalangin at pinag-iisipan mo kung ano ang isasagot sa mga susunod na pahina. Isulat ang mga panalangin mo na nasagot noong 2015, at mangahas na maniwala sa Diyos sa mga mas malalaki pang bagay itong 2016. Hingin ang patnubay ng Banal na Espiritu.
- **Pagpasyahan** ang uri ng pag-aayuno na iyong gagawin. Huwag magpasya sa araw mismo ng pag-aayuno. Magpasya bago ang mga takdang araw at maging determinado na gawin ang mga ito. Ito ang mga pagpipilian:
    - *water only*
    - *liquid only*
    - *one meal only*
    - iba't-ibang uri ng pag-aayuno (halimbawa: pagsasama ng mga ito; walang *TV* o *social media*)
- **Ihanda** ng dahan-dahan ang iyong katawan. Simulan ang pagbawas sa iyong kinakain at ang pagkain ng mga prutas at gulay na hindi niluto dalawang araw bago ang unang araw ng pag-aayuno. Iwasang kumain ng mga pagkaing mataas sa asukal at taba.
- **Pagplanuhan** ang iyong kalendaryo. Bawasan ang mga pisikal na gawain at paglabas-labas kasama ang ibang tao sa pahanon ng pag-aayuno, ilaan ang iyong lakas at oras sa pananalangin at pagbabasa ng Bibliya.
- **Magpatingin** sa doktor kung kinakailangan. Kung hindi ka maaaring mag-ayuno dahil sa iyong kondisyon, alamin kung ano ang pinakamabuti mong gawin. Kabilang sa mga kondisyon na ito ang pagbubuntis, trabaho na nangangailangan ng pisikal na lakas, at mga kondisyong medikal.
- **Hilingin** sa iyong kaibigan o kapamilya na maging kasama mo sa pananalangin sa panahon ng pag-aayuno, at ilista rin ang kanyang mga panalangin.

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin ninyo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."*
>
> JOSUE 3:5

HABANG NAG-AAYUNO

- **Pasalamatan** ang Diyos sa Kanyang mga ginagawa. Maging handa na makarinig at makatanggap ng atas mula sa Kanya.
- **Maniwala** na magkakaroon ka ng bagong pakikipagharap sa Diyos. **Imbitahan** ang Banal na Espiritu na ituro sa iyo ang mga bagay sa iyong buhay na nangangailangan ng pagbabago. Maging handang magsisi at isuko ang lahat sa Kanya.
- **Hangarin** ang Diyos. Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. **Dumalo** sa mga pagtitipon para sa pananalangin sa iyong simbahan.
- **Manalangin** sa buong araw. Manalangin para sa iyong pamilya, simbahan, mga pastor, bansa, mga paaralan, at mga gawain sa pagpapalaganap ng Salita ng Diyos . . . Mangahas na maniwala sa Diyos!
- **Uminom** ng maraming tubig. **Magpahinga** hanggat maaari. Habang may mga inaayos ang iyong katawan dahil sa iyong pag-aayuno, maging handa sa mga panandaliang paghina ng iyong katawan, at mga bagay na nagdudulot ng pagkainis, gaya ng kawalan ng pasensya, at pagkabalisa.

> *17 Sa halip, kung mag-aayuno kayo, maghilamos at mag-ayos kayo ng sarili,*
> *18 upang hindi malaman ng mga tao na nag-aayuno kayo, maliban sa inyong*
> *Ama na hindi nakikita. At ang inyong ama na nakakakita sa ginagawa ninyo*
> *nang lihim ang magbibigay ng gantimpala sa inyo."*
>
> MATEO 6:17,18

PAGTATAPOS NG PAG-AAYUNO

- **Kumain** at dahan-dahang ibalik ang mga karaniwang pagkain. Ihinto ang pag-aayuno ng dahan-dahan dahil kailangan ng katawan ng panahon upang makasabay sa pababago ng iyong pagkain. Simulan sa mga prutas, inumin, at *salad*, at dagdagan ang gulay.
- **Manalangin** at maniwala sa Diyos sa maraming bagay. Ipagpatuloy ang paglago na nasimulan mo noong ikaw ay nag-ayuno. Ipakita ang bagong pag-ibig mo sa Diyos sa buong taon. Maniwala na sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin at lubos na manampalataya. Huwag sumuko!

> *8 "Kapag ginawa ninyo ito, darating sa inyo ang kaligtasan na parang bukang-*
> *liwayway, at pagagalingin ko kayo agad. Ako na inyong Diyos na matuwid*
> *ang mangunguna sa inyo at ipagtatanggol ko kayo sa pamamagitan ng aking*
> *kapangyarihan. 9 At kung dumulog kayo sa akin para humingi ng tulong,*
> *kayo'y aking sasagutin."*
>
> ISAIAS 58:8,9

NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS DAHIL . . .

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2015.
Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan, pagtustos ng ating mga pangangailangan, at mga pagbibigay ng mga pagpapala itong taon!

PAGHAHANDA PARA SA PAG-AAYUNO

WALANG TAKOT NA PANANAMPALATAYA

[33]Dahil sa pananampalataya nila, nilupig nila ang mga kaharian, namahala sila ng may katarungan, at tinanggap nila ang mga ipinangako ng Diyos. Dahil sa pananampalataya nila, hindi sila ginalaw ng mga leon, [34]hindi sila napaso sa nagliliyab na apoy, at nakaligtas sila sa kamatayan sa pamamagitan ng espada. Ang iba sa kanila'y mahihina, pero pinalakas sila ng Diyos. At naging makapangyarihan sila sa digmaan at nilupig ang mga dakilang hukbo.

MGA HEBREO 11:33,34

BASAHIN **Isaias 58:6-11 • Marcos 9:23-29 • Mga Hebreo 11**

Ang ika-11 kabanata ng Mga Hebreo ay madalas na tinatawag na "*Hall of Faith*". Ipinakilala sa atin ng manunulat ng Mga Hebreo ang mga kalalakihan at kababaihan na nagpakita ng mapangahas, walang takot, at matapang na pananampalataya sa Diyos. Sila ay umasa sa Diyos, nagtiwala sa Kanya, at nanalig na Kanyang tutuparin ang Kanyang mga ipinangako. Tayo ay maaaring manampalataya sa Diyos dahil Siya ay inihayag sa Banal na Kasulatan bilang Diyos na Taga-gawa at Taga-tupad ng mga pangako. Ang pananampalataya kung gayon, ay tugon sa kadakilaan ng Diyos at sa Kanyang mga ipinangako sa atin. Siya ang gumagawa ng mga pangako at Siya rin ang tutupad sa mga ito. Dahil Siya ang Makapangyarihan sa lahat, naka-aalam ng lahat ng bagay, pinakamalakas, at tapat, maaari tayong manalig sa Kanya at ibigay ang ating buong pananampalataya. Kung tayo ay may mapangahas na pananampalataya gaya nila, hindi natin basta lamang paniniwalaan ang Diyos at ang Kanyang Salita, bagkus tayo ay kikilos batay sa pananampalatayang ito nang walang takot at pag-aalinlangan.

Ang mapangahas na pananampalataya ay paniniwala sa Diyos at pagkilos batay sa Kanyang salita ng walang takot o pag-aalinlangan.

Sinisimulan natin ang taon ng may pananalangin at pag-aayuno dahil inaalis nito ang kawalan ng pananampalataya sa ating mga buhay. Ang pag-aayuno ay nagpapalakas ng ating pananampalataya. Sa pamamagitan ng paghahangad sa Diyos at sa Kanyang salita, magiging matibay ang ating pananampalataya at magagawa nating magtiwala sa Kanya araw-araw. Inihahayag natin ang ganap na pag-asa sa tapat na Diyos at tayo ay naniniwala na tutuparin Niya ang Kanyang ipinangako.

PAG-ISIPAN

1. Sa mga bayani sa pananampalataya na nakasulat sa Mga Hebreo 11, sino ang nais mong tularan? Bakit siya ang iyong napili?

2. Sinasabi sa *footnote* sa Marcos 9:29 na ang pananalangin at pag-aayuno ay kailangan para sa mga himala na gaya nito. Paano natin nakikilala ang Diyos at ang Kanyang mga pamamaraan sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno?

TUGON

1. Taglay ang mapangahas na pananampalataya, isulat ang isang tiyak na bagay na pinaniniwalaan mong matutupad itong taon, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ibahagi ito sa iyong *Victory group* upang magawa niyong manalig para sa bawat isa at sumang-ayon sa panalangin.

2. Ang pananampalataya na walang pagkilos ay patay na pananampalataya (Santiago 2:17). Upang masimulan ang pagkilos ayon sa iyong pananampalataya, isulat ang mga bagay na maaari mong gawin upang maging katotohanan ang iyong *faith goal*. (Halimbawa: magsimulang mamuno ng *Victory group*; maghanap ng bagong trabaho.) Hingin sa Diyos ang karunungan at kakayahan na sumunod habang ikaw ay pinamumunuan Niya.

PANANAMPALATAYA PARA SA PAGLAYA

[13]Sumagot si Moises sa mga tao, "Huwag kayong matakot. Magpakatatag kayo at makikita ninyo ang pagliligtas ng Panginoon sa inyo sa araw na ito. Ang mga Egipciong nakikita ninyo ngayon ay hindi na ninyo makikita pang muli. [14]Ang Panginoon ang makikipaglaban para sa inyo. Kaya maging panatag na kayo."

EXODUS 14:13,14

BASAHIN **Mga Salmo 34:15-19; 91:1-11 • Mga Hebreo 11:29**

Dinadala ba ng Panginoon ang Kanyang mga mamamayan sa sandali ng kalayaan at katagumpayan nang hindi ito ganap na tutuparin? Hindi kailanman. Nasaksihan ni Moises at ng mga Israelita ang sampung mga peste sa Ehipto at nabigyan sila ng kalayaan upang pumunta sa disyerto at sambahin ang Panginoon. Subalit, gaya ng itinakda ng Panginoon, pinatigas Niya ang puso ng Faraon at hinayaan siyang tugisin ang mga Israelita. Dahil dito, ang mga Israelita ay naipit sa pagitan ng dagat at ng hukbo na nais silang patayin.

Huwag matakot. Ang Diyos ay matapat sa pagpapalaya sa Kanyang mga mamamayan!

Kinailangan ng mga Israelita ang pagliligtas at pagpapalaya ng Diyos. Sila ay labis na natakot at nagbago ang kanilang isip tungkol sa pagpunta sa Lupang Ipinangako. Subalit naging matatag ang paninindigan ni Moises tungkol sa kalayaan na ibinibigay ng Diyos. Inutusan niya ang mga tao na huwag matakot. Sinabi niya sa kanila na ang Diyos ang lumalaban para sa kanila.

Gaya ng sinabi ni Moises, ang Diyos ay kumikilos para sa kanila. Ang plano Niya ay tumanggap ng karangalan laban sa Faraon at kanyang hukbo (Exodus 14:4,17,18) at patunayan sa mga Israelita na Siya ay mapagkakatiwalaan sa lahat ng pagkakataon. Sa pamamagitan ni Moises, hinati ng Diyos ang Pulang Dagat upang makalakad ang mga Israelita sa tuyong lupa at makatawid sa kabilang pampang. Nang umalis ang anghel at humupa ang poste ng apoy at ulap na namagitan sa kanila, sinubukan silang habulin ng Faraon at ng kanyang hukbo. Ibinalik naman agad ng Diyos ang tubig sa dagat at nalunod ang lahat ng tao at karwahe ng hukbo na tumutugis sa kanila. Ito ay itinuturing sa kabuuan ng Banal na Kasulatan at sa kasaysayan bilang isa sa pinakadakilang himala na naitala —patunay sa katapatan ng Diyos at sa Kanyang kakayahan na palayain ang Kanyang mga mamamayan.

PAG-ISIPAN

1. Batay sa Mga Salmo 34:15-19, sa ilang suliranin inililigtas ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan? Paano Siya nagliligtas?

2. Sa Mga Salmo 91:1-11, anong katiyakan ang ibinibigay ng Diyos sa atin tungkol sa ating kaligtasan at kalayaan?

TUGON

1. Paano mo nakita noong nakaraang taon ang kalayaan at kaligtasan na nagmumula sa Diyos? Paano Siya naging tapat sa iyo? Paano ka maihahanda nito para harapin ang mga pagsubok na darating sa iyong buhay itong taon?

2. Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangan ang kalayaan ng Diyos? Nananalig ka ba sa Kanyang kagustuhan at kakayahan na bigyan ka ng mga pambihirang tagumpay? Ano sa iyong palagay ang ipinipagawa sa iyo ng Diyos habang ikaw ay naghihintay sa Kanya?

PANANAMPALATAYA NA MAKAPAGHAYAG

Sinasabi sa Kasulatan, "Sumampalataya ako, kaya nagsalita ako." Ganoon din ang aming ginagawa: Sumasampalataya kami, kaya nagsasalita kami.

2 CORINTO 4:13

BASAHIN **Mga Salmo 92:1,2; 96:3 • Marcos 11:22-24 • 2 Corinto 4:13-18**

Sa Marcos 11, inatasan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na ipakita ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pag-utos sa bundok at paniniwala na kanilang matatanggap kung ano man ang hilingin nila sa panalangin. Kung ang pananampalataya ay buo at nakatakda sa puso, mabibigkas ito ng bibig. Inihahayag ng pananampalataya kung ano ang pinaniniwalaan ng ating mga puso.

Bigkasin kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos at ihayag ang Kanyang katotohan sa kalagayan mo araw-araw.

Itinakda ng Diyos ang isang halimbawa ng pananampalataya para sa atin nang Kanyang likhain at buuhin ang anyo ng sanlibutan (Hebreo 11:3). Dahil tayo ay nilikha na kawangis ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya, maaari nating balangkasin at bigyan ng anyo ang ating mga kalagayan sa pamamagitan ng pagbigkas ng Salita ng Diyos. Tayo ay magkakaroon ng pananampalataya na makapaghayag kung tatanggapin natin ang Salita ng Diyos sa ating mga buhay. Ano ang makapag-uudyok sa atin na sabihin ang Salita ng Diyos, anuman ang mga nangyayari sa ating paligid? Sinabi ni Apostol Pablo na hindi ito batay sa ating mga nararamdaman, kundi batay sa matibay na paniniwala. Buo ang kanyang loob na ang Diyos na bumuhay muli sa Panginoong Jesus ay Siya ring bubuhay sa atin at magdadala sa atin sa Kanyang piling.

Kaya't kung tayo ay kumakaharap sa mabibigat na suliranin, maaari nating piliin na ihayag ang katotohanan, kaligayahan, at pag-asa na mayroon tayo sa Diyos—at hindi ang kalungkutan, kabiguan, at kamalian. Kahit pa unti-unting nasisira ang ating panlabas na katawan, ang ating tunay na katauhan ay patuloy na nagiging bago araw-araw. Ang ating panandalian at maliliit na suliranin ay lumilikha ng walang hanggang karangalan para sa atin na siya namang mas mahalaga kaysa sa mga pinagdadaanan nating suliranin sa mundo.

PAG-ISIPAN

1. Ayon sa mga talatang ito, ano ang kailangan mong ihayag?

   Mga Salmo 92:2 _____

   _____

   Mga Salmo 96:3 _____

   _____

2. Pag-isipan ang nakasulat sa Marcos 11:22-24. Isulat ang ilan sa iyong mga napansin at naintindihan tungkol sa pananampalataya at panalangin.

   _____

   _____

   _____

TUGON

1. Anong bundok o tila walang kalutasan na hamon ang kinakaharap mo ngayon? Naniniwala ka ba sa pangako na ibinigay ni Jesus sa Marcos 11:22-24? Paano mo maisasapamuhay ang nakasaad sa Banal na Kasulatan sa iyong sitwasyon?

   _____

   _____

   _____

2. Isulat ang ilan sa mga pangako na nakasaad sa Salita ng Diyos na iyong tatanggapin at ipahahayag itong taon.

   _____

   _____

   _____

PANANAMPALATAYA NA MAPAGTAGUMPAYAN

Pinakalma ni Caleb ang mga tao sa harapan ni Moises, at sinabi niya, "Lalakad tayo at sasakupin natin ang lupain, dahil nasisiguro kong maaagaw natin iyon."

MGA BILANG 13:30

BASAHIN **Mga Bilang 13:30-14:9 • Josue 21:43-45**
Mga Taga-Roma 8:35-39 • 1 Juan 5:1-5

Ang labing-dalawang mga ispiya na ipinadala sa Lupang Ipinangako ay pareho lamang ng mga nakita—isang napakayamang lupain na pinaninirahan ng mga nakakatakot na mga higante. Bagama't lahat sila ay nagsasabi na ang lupain ay ubod ng yaman, sampu sa kanila ay piniling tingnan ang mga balakid na kailangan nilang harapin upang mapasakanila ang lupain. Ang dalawa pa, sina Josue at Caleb, ay nakita din ang mga higante subalit isina-isip nila ang katapatan ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan sa Ehipto at sa disyerto. Naniwala sila na kayang ibigay ng Diyos ang Lupang Ipinangako, gaano man kalaki ang mga higante o gaano man karami ang mga hadlang sa kanilang harapan.

Nakikita ng pananampalataya ang kaliitan ng mga higante kung ihahambing sa kadakilaan ng Diyos.

Sina Josue at Caleb ay namuhay batay sa kanilang pananampalataya at hindi batay sa kanilang nakikita. Habang ang kawalan ng pananampalataya ay nakatuon sa mga higante at sa epekto nila sa ating buhay, ang pananampalataya ay nakatuon sa kaliitan ng mga higante kung ihahambing sa kadakilaan ng Diyos.

Ang mga balakid ay laging hahadlang sa ating tagumpay, at ang ating tugon sa kanila ay laging nakabatay sa salamin na ating ginagamit—maari nating tingnan ang buhay nang may pananampalataya o kawalan ng pananampalataya. Ang walang takot na pananampalataya ang nagbibigay sa atin ng pagkakataon na makita ang ating tunay na relasyon kay Cristo. Sa pamamagitan Niya, tayo ay higit pa sa mga manlulupig at ang katotohanang ito ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan na talunin ang mga higante at angkinin ang ating mga sariling lupang ipinangako.

PAG-ISIPAN

1. Sa Mga Bilang 13-14, ano ang naging tugon ng mga sumusunod sa tila walang kalutasang mga hadlang sa Lupang Ipinangako?

   Caleb at Josue _____

   Ang Iba pang mga Ispiya _____

   Mga Israelita _____

2. Batay sa Josue 21:43-45, paano tinugon ng Diyos ang Kanyang mga ipinangako sa Kanyang mga mamamayan, sa kabila ng kanilang kawalan ng pananampalataya at hindi pagsunod sa Kanya?

   _____

   _____

   _____

TUGON

1. Paano mo tinutugunan ang mga hadlang na tila walang kalutasan? Paano mo masisimulang makita ang malalaking suliranin sa buhay mo sa paraang nakikita ito ng Diyos? Paano mo masisimulang makita ang Diyos batay sa kung sino talaga Siya at hindi batay sa kung ano ang opinyon mo tungkol sa kanya?

   _____

   _____

   _____

2. Naniniwala ka ba na kay Cristo, ikaw ay higit pa sa isang manlulupig at napagtagumpayan mo na ang mundo? Paano magbabago ng katotohanang ito ang iyong buhay?

   _____

   _____

   _____

PANANAMPALATAYA NA MAKAPAG-ANGKIN

[20]Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Diyos [21]dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Diyos ang kanyang pangako.

MGA TAGA-ROMA 4:20,21

BASAHIN **Mga Taga-Roma 4:16-22 • 2 Corinto 1:18-20 • Mga Hebreo 6:11-15**

Ang isang pangako ay kasing totoo lamang ng taong gumawa ng pangako, at nakabatay sa dalawang bagay: ang kakayahan ng gumawa ng pangako at ang kanyang kagustuhan na tuparin ang kanyang ipinangako. Tiningnan ni Abraham ang kanyang sitwasyon at alam niya na hindi na niya kailanman makakamit ang matagal na niyang hinahangad—ang magkaroon ng anak. Subalit, si Abraham ay umasa sa Diyos at nakita niya na ang Diyos ay may kakayahan at kagustuhan na bigyan siya ng anak, gaya ng Kanyang ipinangako.

Ang Diyos ay handa at may kakayahan na tuparin ang lahat ng Kanyang ipinangako.

Sa parehong paraan, may dalawang balakid sa ating pananampalataya: ang tila imposibleng sitwasyon at ang hindi makatotohanang pangako. Madalas, sa tuwing tinitignan natin ang ating mga kalagayan, ang nakikita lamang natin ay ang mga katunayan at tayo ay nakatuon sa ating mga kahinaan.

Subalit si Abraham ay may pananampalataya na angkinin ang ipinangako sa kanya habang itinuon niya ang kanyang tingin hindi sa tila imposibleng sitwasyon sa kanyang harapan kundi sa tapat na Tagabigay ng Pangako. Gaya ni Abraham, maaari tayong tumingin sa Diyos—na may kakayahan at kagustuhan na tuparin ang Kanyang mga ipinangako. Ang Diyos ay hindi lamang Tagabigay ng Pangako; Siya rin ang Tagatupad ng Pangako. Ito ang dahilan kung bakit kaya nating lumakas sa ating pananampalataya at maniwala na tutuparin Niya kung ano man ang Kanyang sinabi.

Sa taong ito, tayo ay maging mapangahas sa ating pananampalataya. Maaari natin itong gawin dahil tayo ay nakatayo sa tagumpay na ipinanalo ni Jesus sa krus para sa atin.

PAG-ISIPAN

1. Paano tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos?

   Mga Taga-Roma 4:18-22 _____

   _____

   Mga Hebreo 6:13-15 _____

   _____

2. Basahin ang 2 Corinto 1:20. Paano nito mababago ang pananaw mo sa kinakaharap mo na tila imposibleng sitwasyon?

   _____

   _____

TUGON

1. Ano ang isang tila imposibleng pangako mula sa Diyos na pinaniniwalaan mong makamit itong taon?

   _____

   _____

   _____

2. Paano mo magagawang maging matatag sa iyong pananampalataya habang pinaniniwalaan mo na gagawin ng Diyos ang mga imposibleng bagay?

   _____

   _____

   _____

PANANAMPALATAYA NA MAKAPAGLINGKOD

"Ang sinumang gustong maglingkod sa akin ay dapat sumunod sa akin, at kung nasaan ako naroon din dapat siya. Ang sinumang naglilingkod sa akin ay pararangalan ng Ama."

JUAN 12:26

BASAHIN **Deuteronomio 11:12-15 • Juan 12:24-26**
Mga Taga-Roma 12:6-11 • Mga Taga-Efeso 6:5-8

Sa Juan 12, marami sa mga Hudyo ang naglagay ng kanilang pananampalataya kay Jesus matapos Niyang muling buhayin si Lazarus. Ang malaking grupo ng tao na nakakita ng himalang ito ay nagpakalat ng nangyari, at mas marami pang Hudyo ang lumalapit upang makita at maniwala sa Kanya. Dahil dito, nainggit ang mga Pariseo at mga namamahalang pari, kung kaya't gumawa sila ng plano upang ipapatay si Jesus at si Lazarus.

Si Jesus ay naging isa sa atin, nagmahal sa atin, nagsilbi sa atin, at nag-alay ng Kanyang sarili para sa atin.

Pagkatapos, si Jesus ay nagsimulang magsalita sa kanila tungkol sa pagdating ng oras para maparangalan ang Anak ng Tao. Tinutukoy Niya ang Kanyang dakilang pag-aalay ng Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagkamatay sa krus—isang dakilang paglilingkod na nangangailangan ng pagbibigay ng sarili, gaya ng butil ng trigo na nahulog sa lupa at nagbunga ng maraming bunga. Ito ang ginawa ni Jesus para sa atin sa krus. Siya ay naging isa sa atin, nagmahal sa atin, naglingkod sa atin, at nag-alay ng Kanyang sarili para sa atin.

Bilang mga mananampalataya, tayo ay may pribilehiyo na mahalin at paglingkuran ang Diyos. Maaari lamang natin itong gawin dahil sa awa at mapagbigay na pag-ibig ng Diyos sa atin. Bagama't ang iba ay naglilingkod dahil sa takot, para sa gantimpala, o kaya ay dahil sa obligasyon, bilang mga anak ng Diyos, tayo ay naglilingkod dahil sa pag-ibig at bilang pasasalamat. Tayo ay naglilingkod dahil nais nating maparangalan at maging kilala ang Diyos.

PAG-ISIPAN

1. Batay sa Mga Taga-Efeso 6:5-8, paano tayo dapat manilbihan sa Diyos?

2. Ayon sa Deuteronomio 11:12-15, ano ang ipiningako ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan kung Siya ay kanilang mamahalin at paglilingkuran?

TUGON

1. Ano ang maaaring pumipigil sa iyo na mahalin at paglingkuran ang Diyos? Mayroon bang pag-uugali o makasalanang kinaugalian na kailangan mong talikuran? Ano ang gagawin mo tungkol dito?

2. Paano mo magagawang maglingkod at sumunod sa Diyos itong taon? Sumulat ng isang panalangin na maghahayag ng iyong hangarin na mahalin at paglingkuran Siya.

FAITH GOALS NGAYONG 2016

NGAYONG TAON, MANGANGAHAS AKONG MANIWALA SA DIYOS!

PARA SA AKIN

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling
• Panustos at Masaganang Pagbibigay

PARA SA AKING PAMILYA

Kaligtasan ng Sambahayan • Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon
• Pisikal na Paggaling

PARA SA AKING PAG-AARAL/TRABAHO

Kahusayan • Pagtaas sa Ranggo • Karunungan

PARA SA AKING MINISTERYO

Paglago ng *Victory Group* • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kamag-aral, at Kasama sa Trabaho

> *Ang pananampalataya ay ang katiyakan na matatanggap natin ang mga bagay na inaasahan natin. At ito ay ang pagiging sigurado sa mga bagay na hindi natin nakikita.*
>
> MGA HEBREO 11:1

ANG KASAMA KO SA PANANALANGIN NA SI _____, AY PINANINIWALAAN ANG DIYOS PARA SA…

> *"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."*
>
> MATEO 18:19

NAITAKDA

Fasting Options

- ☐ *Water only*
- ☐ *Liquid only*
- ☐ *One meal only*
- ☐ *Others:* _____

Prayer meeting na dadaluhan:

_____

Fasting Options

- ☐ *Water only*
- ☐ *Liquid only*
- ☐ *One meal only*
- ☐ *Others:* _____

Prayer meeting na dadaluhan:

_____

Fasting Options

- ☐ *Water only*
- ☐ *Liquid only*
- ☐ *One meal only*
- ☐ *Others:* _____

Prayer meeting na dadaluhan:

_____

Fasting Options

- ☐ *Water only*
- ☐ *Liquid only*
- ☐ *One meal only*
- ☐ *Others:* _____

Prayer meeting na dadaluhan:

_____

Fasting Options

- ☐ *Water only*
- ☐ *Liquid only*
- ☐ *One meal only*
- ☐ *Others:* _____

Prayer meeting na dadaluhan:

_____

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica®
Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng pag-aari.